

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
BY ALJO BENDIJO – TUTOK ERWIN TULFO/PTV 4
AUG. 2, 2021 (19:49 A.M. - 10:54 A.M.)

BENDIJO: Secretary Roque, magandang umaga po.

SEC. ROQUE: Ay, magandang umaga sa iyo, kumpare! At magandang umaga po sa lahat ng nakikinig sa atin ngayon, Pareng Erwin.

BENDIJO: Si Aljo Bendijo ito, sir.

SEC. ROQUE: Ah, hindi pala si Erwin ito, si Aljo pala! Ay naku, ang aking kahawig pala ang nandito.

BENDIJO: Iyon! Galing talaga! Wala si Erwin, ako ang pansamantalang humahalili sa kaniya, Secretary Roque. Anyway, any updated version po ng resolution natin sa quarantine classification muna sa IATF? May mga nabago ba?

SEC. ROQUE: Oo. Well, ang quarantine classification po natin ay iyong Cebu province ay naibaba po siya, galing MECQ to GCQ with heightened restriction. Tapos iyong probinsiya ng Aklan at saka ang Laguna ay itinaas naman po sa MECQ.

BENDIJO: Laguna, Aklan – MECQ; Cebu – GCQ. Iyong Davao po?

SEC. ROQUE: Pareho lang naman po, hindi po naapektuhan.

BENDIJO: So, with heightened restriction sa Cebu. All right, maraming nagtatanong iyong ayuda? Maibibigay ba sa kanila kaagad at papaano natin ibibigay sa kanila, Secretary Roque, iyong mga maaapektuhan po?

SEC. ROQUE: Sa totoo lang po, kaya po talagang nagkaroon ng mahabang usapin kung kaagad-agad mag-i-ECQ o hindi dahil isa sa mga rason, at ako na po ang naglabas nito, ay iyong ayuda. Kinakailangan naman kapag nag-lockdown, nandiyan na kaagad iyong ayuda, hindi na dapat na naghihintay. So, ngayon po iyan po ang inaasahan natin sa linggong ito, masapinal iyong ayuda at iyong mga mekanismo para makarating sa ating mga taumbayan.

BENDIJO: Oh, sige asahan natin mga kababayan nating nakikinig at nanunood. Sabi na mismo ni Secretary Roque mayroong ayuda, mayroong ibibigay sa inyo, maghintay-hintay lang.

SEC. ROQUE: Mayroon pong siguradong ayuda iyan, hayaan po natin at sa ... itong linggong ito ay maipantsa iyan.

BENDIJO: Ayan! How about sa public transportation, may mga titigil ba sa pagbibiyaha or wala, Secretary?

SEC. ROQUE: Well, sang-ayon po sa DOTr, ang susundin natin ay parang iyong MECQ natin noong Marso. So, nagkaroon po tayo ng transportasyon, hindi kagaya noong original ECQ na wala pong transportasyon. So ngayon po ay hindi mawawala kasi importante rin po iyang magkaroon ng transportasyon dahil talagang susubukan po natin na pagsamantalahan itong ECQ na ito para mabakunahan ang pinakamaraming numero ng ating mga kababayan.

BENDIJO: Opo. How about domestic flights during ECQ, Sec?

SEC. ROQUE: Well, again po hintayin po natin. Kaya nga po may isang linggo tayong palugit. Ang naalala ko po, iyong dating ECQ natin ay wala pong domestic flight at international flights lamang. Pero wala rin po tayong transportasyon noong naunang ECQ, so hayaan po natin ngayon ang DOTr ang magsabi sa atin. Pero ang alam ko po, mababasawan iyan kasi mayroon po tayong, kumbaga, pagbabawal sa non-essential travel going to and outside of Metro Manila. So ako po, kamuntik hindi na ako makabalik dahil lahat po ng flights halos na naka-cancel over the weekend dahil nga bawal na nga po ang labas-pasok sa Metro Manila beginning kahapon.

BENDIJO: Opo. How about iyong mga pauwi ng Pilipinas, hindi po mga OFWs, non-OFWs na nanggaling sa ibang bansa katulad ng Amerika?

SEC. ROQUE: Wala pong epekto sa international travel. Tuluy-tuloy pa rin po iyan subject doon sa ating quarantine protocol.

BENDIJO: Any updated protocol sa mga businesses at mga establishment, Secretary Roque?

SEC. ROQUE: Ganoon pa rin po iyong susundin natin sa ECQ, iyong essential activities lamang po. Pero sa ngayon po, itong linggong ito, ang Metro Manila under GCQ with heightened and additional restrictions. Wala po tayong indoor dining, wala po tayong al fresco at wala po tayong mga mass gatherings.

BENDIJO: Maiba po tayo sa olimpiyada, Secretary. Nasubaybayan ko iyong mga post mo sa social media.

SEC. ROQUE: Talaga pong sinusubaybayan po natin ang Olympics, kahit ano po ang mangyari. At nagagalak naman po ako na hindi lang si Hidilyn ang nagtatagumpay, mayroon pa po tayong dalawang boksingero – iyong babaeng boksingero si Nesthy at saka iyong isa pang boksingero, si Eumir Marcial. So pareho na po silang sigurado, mayroon ng silver at saka bronze at inaasahan natin na sana po tatlong gold ang ating maiwi.

BENIJO: Opo, hopefully. Kung sila po ay magkaginto, sa tingin ko naman ay masungkit natin iyan, ang tanong ay maibibigay din ba sa kanila ang naibigay kay Hidilyn?

SEC. ROQUE: Opo. Lahat po iyan ay maibibigay at inaasahan natin na ang commitment naman po ng gobyerno, nasa batas po iyan, iyong P10 million. At saka ang pangako naman ng Presidente, kung magbibigay siya ng P3 million additional, bakit naman hindi ibibigay sa lahat ng nanalo ng ginto? At iyong mga binibigay naman po ng ating mga private sector, eh tingin ko naman po, hindi lang kay Hidilyn iyan kung hindi sa lahat ng mananalo po ng ginto.

BENIJO: Opo. Mensahe na lang, Secretary Roque, sa atin pong mga viewers at mga listeners natin.

SEC. ROQUE: Well, isipin na lang po natin na sa pagsusubok na nararanasan natin dahil sa COVID-19, wala po iyang pagkakaiba sa mga tagumpay ng ating atleta. Napakahirap po, pero kinakailangan magkaroon ng ambisyon; kinakailangan magpursigi hanggang makamit ang ating ambisyon. Ganiyan din po ang dapat na maging motto natin sa pang-araw-araw na buhay, mahirap pero babangon tayo at magtatagumpay din po tayo.

BENIJO: Secretary Harry Roque, Presidential Spokesperson, mgandang umaga po. Stay safe. Thank you.

SEC. ROQUE: Magandang umaga po at salamat po.

##

--

News and Information Bureau-Data Processing Center